

PROLOGUE

Kaya mo ito, Avi. Go!

Mas matindi pa ang kaba niya ngayon kaysa kaninang hinihintay niyang tawagin ang kanyang pangalan para makuha na ang grades niya. Pasado naman lahat, at pasok na siya sa major niya.

Huling araw na rin na magkakasama-sama silang mag-blockmates sa loob ng dalawang taon bago maghiwalay dahil magkakaiba na ang papasukan nilang major next schoolyear, kaya dala ng lahat ang kani-kanyang class journal.

Isa iyong project ng klase nila kung saan naroon ang pictures ng lahat, listahan ng activities, course outlines, study tips at kung anu-ano pa.

Ngayong araw ay may dagdag na purpose iyon. Lahat ay nagpapapirma ng journal sa bawat isa. Halos puno na ang journal niya, at iisang tao na lang ang hindi pa niya nalalapitan.

Ano pa ba ang bago? Dalawang taon din naman niya itong halos hindi kinausap.

And yet, Simon Oguri was probably one of the reasons why she looked forward to going to school everyday. Star baseball player, class president, consistent dean's lister, and all-around

nice guy. Sinong matinong babae ang hindi magkaka-crush dito?

Pero sa lahat ng may crush kay Simon sa block nila, si Avi lang yata ang hindi pa nagkakaroon ng pagkakataong makausap ito. She was painfully shy, and always feared she'd do something stupid if she said anything to him that wasn't related to any lesson or class project.

Pero baka hindi na rin niya ito gaanong makita next schoolyear, kaya heto at tinapangan na niya ang mukha upang malapitan na si Simon.

Huminga siya nang malalim bago sinimulang maglakad patungo sa bleachers. Habang palapit ay nakita niyang isa-isa nang nag-aalisan ang ibang blockmates niya dala ang mga journals na napirmahan na ni Simon.

Napahinto si Avi at hinintay kung may lalapit pa upang sabayan niya, pero wala nang ibang lumapit dito.

Oh, no!

Hindi niya alam kung paano ito lalapitan, kung ano ang sasabihin niya. Nang mag-angat ito ng tingin, tamang-tama lang iyon upang magsalubong ang mga mata nila.

“Hi, Avi!”

Napakurap lang siya. “Simon...” Iniabot niya rito ang journal, sabay yuko. “Magpapapirma sana ako.”

“Hindi puwede,” sabi nito.

Ha? Hindi... puwede?

“Ganoon ba? Sorry...” nakayukong tugon niya bago niyakap ang journal.

“Pipirmahan ko iyan pero dapat tingnan mo muna ako,” amused na saad nito.

Noon nag-angat muli ng tingin si Avi, at buong tapang nang tiningnan ang magagandang mata ng kaharap. Napalunok siya. “Ayan, nakatingin na ako sa iyo.” Iniabot niya muli rito ang journal.

Kinuha naman iyon ni Simon. Iniabot din nito sa kanya ang journal nito. “Sign below your picture, at kahit saan sa mga free pages.”

Takang tiningnan niya ito bago tumingin sa paligid. “Uupo lang muna ako doon,” turo niya sa isang malapit na upuan. Hindi niya kayang tabihan ito sa bleachers.

Tumaas lang nang bahagya ang isang kilay ni Simon. She couldn’t help thinking how good he looked with that particular gesture. “All right, Avi. Dito lang ako.”

Mabilis na tinungo niya ang itinurong puwesto at naupo. Hinanap niya ang pahina kung saan naroon ang litrato niya at pipirmahan na sana nang makitang may nakasulat na roon, in Simon Oguri’s familiar slanty print. Sa itaas ng picture niya ay

may nakasulat na: *The one I wish I had the chance to know more of—the shy, beautiful, enigmatic Avi Serrano.*

Nag-tumbling yata ang puso ng babae sa nabasa. May mga isinulat si Simon sa itaas ng bawat picture, karamihan ay kakulitang description lang, kaya hindi siya makapaniwalang ganoon ang nakasulat sa litrato niya.

Nanginginig ang mga daliri na sinulatan niya ang ibaba ng sariling litrato.

You'll go places, Simon! God bless your plans.

Avi then went to the last pages where everyone had already written short notes and letters. May dalawa pang blangkong pahina, at inisip niya kung ano ang isusulat. Mukhang tutok naman si Simon sa kung anong isinusulat nito sa journal niya. Ano iyon, parang ang haba naman?

Then, an idea hit her. And she began sketching him. A lively, smiling portrait of Simon, a face that's probably forever etched in her mind. Ilang minuto lang niya iyong ginawa.

Pinirmahan niya ang sketch bago nag-isip ng ilalagay na mensahe roon.

Tila nag-evaporate na ang hiya at kaba niya. Ang mabigyan si Simon ng sketch niya ang isa sa mga gusto niyang gawin dati pa.

Dear Simon,

This is to make up for all those times you smiled at me, and I never smiled back. Nahihiya kasi ako madalas, kung hindi man nasa-shock ;-) I wish you success in everything, you will definitely go places. And hopefully, in one of those places you go to, we'll meet again. When that time comes, siguro naman hindi na ako mahiyain at ngingitian na rin talaga kita. At ako pa ang mauuna.

Love,

Avi

Kaagad niyang isinara ang journal. *Bahala na si Batman.* Tumayo siya at muling lumapit kay Simon. Pababa na rin ito ng bleachers at nakangiti sa kanya. Nagpalitan sila ng journal.

“Saan ka this summer, Avi?” tanong nito.

“Sa province ng mama ko, sa Quezon. Ikaw?”

He sighed. “San Diego. We’re moving to California.”

Natulig yata siya sa narinig. California! Ang layo! Parang gusto niyang maiyak. “Ganoon ba? Well...” Pilit siyang ngumiti. “God bless. At ingat sa biyahe papunta doon.”

Guarded - Sachi Bliss

He smiled. “Oo naman. Sinabi mo.” Ilang sandaling mataman siya nitong tiningnan bago siya tinapik sa braso. “I should go. Ingat ka,” sabi nito bago naglakad na palayo.

Pinanood niya si Simon habang patungo ito sa isang grupo pa ng mga kaklase nila, na kasabay nitong tuluyan nang lumabas ng gym. Muli namang naupo si Avi upang basahin ang kung anumang isinulat ng blockmate sa journal niya. Napangiti siya sa nakita.

Nilagyan nito ng thought bubble ang sariling picture ng: *You’ll go a long way, Avi! God bless.* Pinirmahan din nito iyon. Binuklat kaagad niya ang last page para tingnan ang isinulat ni Simon. Muntik na siyang mahulog sa upuan nang mabasa iyon.

Dear Avi,

Akala ko matatapos ang araw na ito na hindi kita makakausap o malalapitan man lang. I honestly thought you didn’t like me or something—you have never smiled back whenever I would see you in the halls or catch your eye in class. I have seen you smile when you’re with friends, and I longed to have one of those pretty smiles thrown my way, but it never came.

Gusto kitang kausapin, pero may mali yata sa akin o

Guarded - Sachi Bliss

kung anuman na hindi mo gusto ;) Pag wala pang teacher o wala pang gagawin sa klase, palagi ka lang busy sa sketchpad mo. You were always shy and quiet, and I often wondered what you're thinking, what are those words you keep hidden in your head... they must be as interesting as those sketches I never saw.

Two years tayong magkaklase, pero kanina yata ang unang beses na nag-usap tayo nang walang kinalaman sa assignment o group work. I really wish I had given more time and known you more. Maybe someday we'll meet again, and when that time comes, I really hope you would smile back... or else... :-)

You take care of yourself, Avi. I wish you success and the fulfillment of every dream you have.

Love,

Simon

Hindi alam ni Avi kung ano ang iisipin sa nabasa.

Simon had been paying attention all along! Hindi ito basta ngumingiti sa kanya dahil lang magkaklase sila, naghihintay rin itong mapansin niya.

Napapansin nito ang mga ginagawa niya, at interesado ito sa kung anuman ang naiisip niya, ang mga nasa sketchpad niya.

Hindi niya inasahan ang mga isinulat nito. Muli niya iyong binasa, baka naduduling o nag-i-imagine lang siya, pero kahit ilang ulit pa ay iyon at iyon din lang ang nakasulat, walang nababago kahit isang salita.

Isinara niya muli ang journal at niyakap iyon. Nasaan na si Simon?

Tumakbo na siya palabas ng gym at pasimpleng hinanap ang lalaki. She spotted him with his equally good-looking brothers. Masayang nag-uusap ang mga ito.

Hindi na nag-isip si Avi. She could feel her heart beating wild.

“Simon!” malakas na tawag niya na nagpalingon dito, maging sa mga kapatid nito. Simon looked even more shocked. Nagpaalam ito sa mga kasama na nakangiting tumango lang, at kumaway pa sa kanya.

He walked toward her. “Yes?” sabi nito nang may dalawang ruler na lang marahil ang layo sa kanya. “What is it, Avi?”

Huminga siya nang malalim. “May nakalimutan akong sabihin.”

Bahagyang tumaas ang kilay nito. “Ano iyon?”

Itinaas niya ang journal. “I just read what you wrote here. At gusto ko lang sabihin na... na iyong mga idino-drawing ko sa sketchpad ko, karamihan doon, ikaw, portraits mo.”

“What?” His eyes lit up.

“At ang nasa utak ko sa tuwing mukha akong lutang at parang ang lalim ng iniisip ay kung bakit ang sama ko na hindi kita nangitian din sa tuwing ngingitian mo ako. I wanted to, pero lagi akong nagugulat, hindi ko kasi laging inaaasahan. Hindi ko alam kung bakit mo ako nginingitian...”

Napangiti lalo si Simon. “I smile at you because... well... Masaya kasi ako lagi sa tuwing nakikita kita.”

What? Ano ba! Bakit ngayon ko lang nalalaman ang mga ito?
“Masaya din ako pag nakikita ka... kahit hindi halata.”

Natawa ito. “I’m happy to know that... too bad we’re leaving soon.”

“I know...” nasabi na lang niya. “Well, Simon, it’s really nice knowing you.”

He smiled sadly. “I wish I knew more of you.”

“Yeah...” Hindi inaalis ni Avi ang tingin dito. “Well, ingat na lang.” Muli siyang bumuntong-hininga. “Bye...”

Mataman siya nitong tiningnan, tila may iniisip. Pagkuwa’y lumapit ito sa kanya at masuyong hinawakan siya sa balikat. She

blinked and felt a rush within her.

Avi fixed her eyes on Simon as he leaned toward her and kissed her softly on the lips. It was just a gentle, light kiss. Then he pulled away and gazed at her intently, with those sad eyes.

“We’ll see each other again, Avi. One day. Wait for me.”
Tinapik nito ang kanyang pisngi bago siya binitawan. One last smile, then he turned and walked away.

Aatakihin yata siya sa puso, and she’s only eighteen!

Simon Oguri just kissed her! Pinanood niya ito habang papunta sa kotse nito. Hatid niya ito ng tingin hanggang sa tuluyan iyong makalayo.

And that... was her first kiss. And it was bittersweet.